# Isang Plano para sa Pangangalaga at Pagkakataon




## Mas Mabilis at Mas Mahusay na Access sa Health Care

Patuloy na pinahuhusay at binabago ng Ontario ang lahat ng aspeto ng health care system nito upang mabigyan ang mga tao ng access sa mahusay na pangangalaga kapag ito'y kinakailangan nila at kung saan nila ito kinakailangan. Sa Budget na ito, ang karagdagang investment na mahigit sa $5 bilyon sa loob ng susunod na tatlong taon ay magbibigay ng karagdagang mas mahusay na access sa mga serbisyo, at makakatulong din itong bawasan ang stress at panahon kapag inaalagaan ang mga minamahal sa buhay.



### Mahalaga ang Mental Health

Maglalaan ng mas mabuti at mas mabilis na access sa mga serbisyo sa mental health at addiction para sa daan-daang libu-libong karagdagang mga bata, kabataan, at adults sa buong Ontario; ang kabuuang funding ay magkakahalaga ng mahigit sa $17 bilyon sa loob ng apat-na-taong panahon.



### Mas Matatag na mga Ospital, Mas Mahusay na Pangangalaga

Pahuhusayin ang mga ospital sa pamamagitan ng pagbigay ng mas mabuting access sa pangangalaga, pagbawas sa katagalan ng paghihintay, pagtugon sa mga problema ng kapasidad, at mas mabuting pagtugon sa mga pangangailangan ng lumalaki at tumatandang populasyon ng Ontario sa pamamagitan ng karagdagang $822-milyong investment sa 2018–19.



### Pagbawas ng Gastos sa Gamot at sa Dentista

Sisimulan ang bagong Ontario Drug and Dental Program, kung saan magbibigay ng 80 porsiyentong reimbursement; ito'y hanggang $400 para sa bawat single na tao, $600 para sa bawat couple, at $700 para sa apat-na-kataong pamilyang may dalawang anak, para sa eligible na gastos sa de-resetang gamot at dentista bawat taon, para sa mga taong walang health benefits sa kanilang mga lugar ng trabaho o hindi covered ng OHIP+ o iba pang government program.

## Mas Matatag na mga Ospital, Mas Mahusay na Pangangalaga

Sa Ontario,

- mag-iinvest ng humigit-kumulang sa $19 bilyon sa loob ng 10-taong panahon upang magtayo at mag-renovate ng mga ospital, kabilang ang hanggang $2.4 billyon para sa design at construction ng bagong Patient Care Centre ng SickKids, at hanggang $1.8

billyon para sa design at construction ng Civic Campus redevelopment ng Ottawa Hospital.

## Pinalalawak ang Pharmacare sa pamamagitan ng OHIP+

Sa Ontario,

- gagawing libre ang mga de-resetang gamot para sa lahat ng taong 65-taong-gulang at mas matanda sa pamamagitan ng OHIP+, masisigurado nito na walang maiiwang senior citizen at makukuha nilang lahat ang mga gamot na kinakailangan nila. Ang karaniwang senior sa Ontario ay makatitipid ng $240 bawat taon dahil aalisin ang Ontario Drug Benefit annual deductible at co-pay.
- ipagpapatuloy ang pagbigay ng mga libreng de-resetang gamot sa mga bata at kabataan sa pamamagitan ng OHIP+. Simula nang ito'y nilunsad noong Enero 1, 2018, halos tatlong milyong reseta na ang naibigay nang libre.
- sakop nito ang gastos ng mga de-resetang gamot para sa halos isa sa bawat dalawang tao sa Ontario — humigit-kumulang sa 6.4 milyong katao — sa pamamagitan ng OHIP+ at nangunguna ito sa kilusan para magkaroon ng universal pharmacare program kung saan gagawing libre sa medicare ang lahat ng mga de-resetang gamot para sa lahat ng Canadians.

## Mahalaga ang Mental Health

Sa Ontario,

- maglalaan ng access sa mental health support sa bawat high school sa Ontario sa darating na dalawang taon upang magkaroon ng early intervention at maitaguyod ang pag-iwas ng pagkakaroon ng problema.
- tutulungan ang hanggang 350,000 karagdagang mga tao (kabilang ang mga bata at mga kabataan) sa buong probinsiya na may anxiety at depression sa pamamagitan ng pagdagdag ng access sa psychotherapy na pinopondohan ng publiko.
- magdaragdag ng 2,475 supportive housing units sa loob ng apat-na-taong panahon para sa mga nangangailangan ng pangangalaga sa isang ligtas, abot-kaya, at angkop na housing.
- magkakaroon ng 15 man lamang na karagdagang youth wellness hubs upang pahusayin ang access sa mga serbisyo, dagdagan ang nagkukulang na critical service para sa mga kabataang 12 hanggang 25 taong-gulang, at pahusayin ang transisyon sa adult services.
- magtatatag ng bagong Local Service Priority Fund na siyang magpapalakas sa mga suporta sa mental health para sa mga LGBTQI2S, racialized, francophone, bagong dating, at rural na mga kabataang nangangailangan ng karagdagang serbisyo.

## Tinutulungan ang Caregivers at Mga Pamilya

Sa Ontario,

- sisimulan ang bagong Seniors' Healthy Home Program. Ipinapakita nito na nalalamang may mga gastos kapag naninirahan ang mga matatanda sa tahanan, kung saan nila gustong manatili. Ito'y magbibigay ng benefit na magkakahalaga ng hanggang $750 bawat taon para sa mga eligible household na pinamumunuan ng seniors na 75 taong-

gulang at mas matanda, upang matulungan silang mamuhay nang hindi umaasa sa iba at upang ma-offset ang mga gastos sa pagmintina ng kanilang mga tahanan.

- maglalaan ng karagdagang access sa home at community health care services, kabilang ang 2.8 milyong karagdagang oras ng personal na suporta at 284,000 karagdagang pagbisita ng mga nars sa pamamagitan ng isang $650 milyong investment sa darating na tatlong taon.
- daragdagan ang pang-araw-araw na pangangalaga na natatanggap ng bawat tao sa isang long-term care home at gagawing apat na oras sa karaniwan.
- nagdaragdag ng 30,000 bagong long-term care beds sa darating na 10 taon — magdaragdag ng 5,000 bagong beds hanggang sa 2022 — upang tulungan ang mga taong hindi na maaaring manirahan nang mag-isa at upang mapanatag ang mga kalooban ng mga taong nag-aalaga sa kanila. Ang bagong beds na ito ay bukod pa sa kasalukuyang 30,000 beds na nire-redevelop.